



UGNAYAN

Tatlong Buwanang Lathalain ng Extension Services, Cavite State University, Indang, Cavite

TOMO XVI BILANG 3

HULYO - SETYEMBRE 2018

Ugnayan 2.0 Planning Workshop, isinakatuparan

Matagumpay na nagsagawa ng *Planning Workshop* ang *Extension Services* sa pakikiisa ng *Office of the Vice President for Academic Affairs (OVPA)* noong Hulyo 24-26. Dinaluhan ito ng *deans*, *extension coordinators* at mga guro mula sa mga kampus at kolehiyo ng Unibersidad.

Ang nasabing *workshop* ay naglalayong maiayon ang mga plano at programang pang-ekstensyon ng bawat kolehiyo at kampus sa *banner extension program* ng Unibersidad, makabuo ng mga pamantayan na talatanungan at instrumento para sa *needs assessment*, *monitoring and evaluation at impact assessment*, at matalakay ang mga pangangailangang pinansyal na may kinalaman sa gawaing ekstensyon.

Ang *banner extension program* na "*Poverty Alleviation Program thru Ugnayan 2.0 Approach*" ay inaprubahan ng *Board of Regents* noong Hunyo 23, 2018 at naglalayong magkaroon ng



Mga kalahok sa Extension Planning Workshop

komunikasyon at pakikipagtulungan sa mga kolehiyo, kampus at yunit ng Unibersidad, sa mga publiko at pribadong industriya at *stakeholders* sa pagbibigay ng mga kinakailangang kaalaman, tulong-teknikal at oportunidad sa mga *target* na komunidad. Sa kasalukuyan, may 16 na *extension programs* ang mga kampus at kolehiyo na tumutugon sa iba't-ibang pangangailangan ng mga piling komunidad.

Sundan sa p. 2

CCJ, nagsagawa ng konsultasyon at muling pagpapalano ng programang pang-ekstensyon

Isinagawa ng *College of Criminal Justice (CCJ)* ang isang pulong upang muling magplano at sumangguni sa *stakeholders* tungkol sa programang pang-ekstensyon ng kolehiyo, ang *7K Advocacy* (Kababayan Kong Kaagapay sa Kaalaman at Kasanayan Kontra Krimen).

Ito ay ginanap noong Setyembre 7 sa *Lasap Hall* ng unibersidad at pinangunahan nina Dr. Famela Iza Cabe-Matic, dekanang CCJ at Dr. Susan G. Tan, *extension coordinator*. Dumalo sa nasabing pagpupulong ang 46 na mga opisyal at miyembro ng ilang ahensya sa Cavite, guro at estudyante ng kolehiyo. Dumalo rin si Gng. Lorna C. Matel, direktor ng *CvSU Special Projects*, na malugod na bumati sa mga dumalo.

Inilahad nina Bb. Bessielyn S. Videña at Engr. Gerry M. Castillo ng *Office of the Vice*

President for Research and Extension (OVPRE) ang *University Research and Extension Agenda*. Kasunod nito ay ipinakita ni Dr. Matic ang *road map* ng kolehiyo at inulit niya ang kahalagahan ng mga programang pang-ekstensyon at ang tungkulin ng *stakeholders* sa pagpapalano ng mga ito bilang angkop, tanggap at kapaki-pakinabang sa komunidad. Ipinahayag din niya ang programang *7K Advocacy* ng CCJ. Sakop ng programa ang proyektong B. A. T. A. S., Barangay Aktibo Tungo sa Alternatibong Solusyon, na nasa ikatlong bahagi na

Sundan sa p. 3

Mga Nilalaman



<i>CvSU-Naic, nagwagi sa ika-13 Extension In-House Review</i> ..	2
<i>DCE, nagsagawa ng pagsusuri sa imprastruktura ng Brgy. Alulod</i>	3
<i>Mga instrumento para sa extension projects, nirebisa</i> ..	3
<i>SPRINT Center, nagsagawa ng pagsasanay tungkol sa kaong</i>	4
<i>Extension Services, bumisita sa MoCa Farm</i>	4
<i>SPRINT Center, nanguna sa pagtatanim ng kaong sa Mataas na Lupa</i>	5
<i>Regular na Extension Coordinators' meeting, isinagawa</i>	5
<i>Paghahanda para sa agri-eco tourism, sinisimulan na</i>	5
<i>11 pagsasanay, isinagawa ng Extension Services</i>	6

MGA BALITA

CvSU- Naic Campus, nagwagi sa 13th Extension In-House Review

Nagwagi ang CvSU-Naic Campus bilang *Best Extension Paper* sa ginanap na 13th Extension In-House Review bilang bahagi ng pagdiriwang ng *Research and Extension Week*. Inilahad ni Gng. Sherrilyn M. Rasdas ang proyekto nila na may titulong "*Community-based Production, Processing and Marketing of Milkfish and Tilapia*". Kasama ni Gng. Rasdas sa proyektong ito sina Dr. Armina B. Pugay, Gng. Elsa B. Omipon, Gng. Flora D. Viaje, Gng. Ma. Solita R. Poblete, G. Joel C. Credito, at Gng. Elsa D. Nueva.

Ang *Extension In-House Review* ay taunang gawain ng opisina ng *Extension Services* na nagbibigay-daan upang mailahad ng bawat kampus at kolehiyo ang kanilang mga programa at proyektong pang-ekstensyon na inaprubahan at pinondohan ng unibersidad.

Limang proyektong pang-ekstensyon ang naglaban sa kategorya ng *Best Extension Paper* kasama ang dalawa mula sa *College of Engineering and Information Technology* (CEIT) at dalawa mula sa *Gender and Development* (GAD) *Resource Center*.

Bilang bahagi ng pagsubaybay at ebalwasyon, inilahad din ang kasalukuyang estado ng limang proyekto at programa mula sa *College of Arts and Sciences* (CAS), CvSU-Silang, CvSU-Carmona at CEIT.

Ang mga sumusunod ang nagsuri at nagbigay ng suhestiyon tungo sa higit na ikagaganda ng mga proyektong ibinahagi: Dr. Rowena DT. Bacongus, propesor mula sa *University of the Philippines Los Baños - College of Public Affairs and Development* (UPLB-CPAD), For. Felino J. Gutierrez, Jr., kasalukuyang Direktor ng *Extension Services* sa *Southern Luzon State University* (SLSU) at Ms. Mariel Celeste C. Dayanghirang, *Assistant Center Director* ng *Agricultural Training Institute IV-A* (ATI-CALABARZON).

Ang nabanggit na review ay dinaluhan ng mga opisyal ng unibersidad kasama ang bise presidente ng *Research and Extension* na si Dr. Ruel M. Mojica, mga direktor ng iba't-ibang yunit, mga dekan/dekano, *extension coordinators* at *extensionists* na nagmula sa iba't-ibang kolehiyo at kampus. (BSAmparo)



Gng. Sherrilyn M. Rasdas ng CVSU-Naic habang tinatangap ang parangal



Ang panel of evaluators kasama si Dr. Ruel Mojica



Presenters ng nakaraang Extension In-House review

Ugnayan 2.0 ... mula sa p. 1

Sa kanyang mensahe sa unang araw ay nagbigay ng inspirasyon ang pangulo ng Unibersidad na si Dr. Hernando Robles. Tinalakay rin sa workshop ang mga paksa na may kanya-kanyang kahalagahan sa mga gawaing ekstensyon, tulad ng *REFORM Program* (*Research and Extension Framework, Operational Structure, Roadmap and Agenda*) ni Dr. Ruel M. Mojica, at ang *Unified Workload System* ni Dr. Camilo A. Polinga. Ipinaliwanag din ni Dr. Adolfo C. Manuel, Jr. ng *Institutional Development Office* (IDO) ang kahalagahan ng *Extension and Community Involvement* bilang bahagi ng *Institutional Accreditation* ng Unibersidad. Sinundan ito nina Dr. Nelia Cresino na tumalakay sa *extension program* na "*Empowerment of Gender and Development Stakeholders for Achieving Gender Equality in CALABARZON*", at Engr.

Momeda A. Callao ng *Pollution Control Office* na nagpaliwanag tungkol sa *Environment Performance Report Management Plan (EPRMP) requirements*. Tinalakay din ni Dr. Lilibeth P. Novicio ang mga detalye ng *Ugnayan 2.0 Approach*. Bilang huling tagapagsalita, binigyang linaw ni Gng. Lolita G. Herrera, direktor ng *Finance Management Office*, ang mga isyu at ilang paksang pinansyal na may kinalaman sa mga gawaing ekstensyon ng Unibersidad. Naging makabuluhan ang unang araw ng *workshop* dahil nagkaroon ng pagkakataon ang bawat isa na makapagtanong at makatugon sa bawat paksa.

Ang ikalawa at ikatlong araw naman ay inilaan upang magawa at maiayos ang mga planong pang-ekstensyon ng bawat kolehiyo, kampus at yunit, pati na rin ang mga talatanungan at instrumentong nabanggit. (KBArandia)

MGA BALITA

DCE, nagsagawa ng pagsusuri sa imprastruktura ng Brgy. Alulod

Upang matiyak na handa ang mga gusali sa anumang sakuna gaya ng lindol, 38 na gusali mula sa Brgy. Alulod, ang sinuri ng barangay sa pangunguna ng *Department of Civil Engineering* ng CvSU.

Tatlong paraan ng pagsusuri sa kahinaan sa lindol ang isinagawa: *Rapid Visual Screening (RVS)*; *Rapid Condition Assessment Tool (RCasT)*; at *Local Infrastructure Audit Form (LIAF)*. Nalaman sa pamamagitan ng paggamit ng RVS na ang anim na gusali (15.79 porsyento) ay mababa ang kahinaan sa lindol, limang gusali (13.16 porsyento) ang may katamtaman ang hina, 17 gusali (44.73 porsyento) ang katamtaman; at 10 gusali (26.32 porsyento) ang may mataas na kahinaan sa lindol. Pagkatapos gamitin ang mga nakuhang marka sa RCasT, 36.84 porsyento (14 na gusali), 47.37 porsyento (18 gusali) at 10.53 porsyento (4 na gusali) ang inuri bilang mababa, katamtaman ang hina, at katamtaman na mga gusali. Ang natitirang 5.26 porsyento (2 gusali) ay hindi nasuri dahil sa limitadong paggamit ng aparato. Samantala, ang pagsusuri sa pamamagitan ng paggamit ng LIAF ay nagsasaad na ang 28.95 porsyento (11 gusali), 39.47 porsyento (15 gusali), 23.68 porsyento (9 na gusali) at 7.90 porsyento (3 gusali) ay mababa, katamtaman ang hina, katamtaman, at mataas ang kahinaan, ayon sa pagkakabanggit. Gayunpaman, ang mga porsyento na nakuha sa pamamagitan ng LIAF ay batay lamang sa pagtataya ng inspektor. Ang resulta ng aktibidad ay nagpakita na ang karamihan sa mga gusali ay ligtas mula sa mga panganib na maaaring idulot ng lindol.

Kaugnay nito, ang maliit na bahagi ng mga sinuring gusali ay nangangailangan ng karagdagang pagsisiyasat upang matukoy kung ang mga gusaling ito ay nangangailangan ng agarang pangangalaga at pagsasaayos.

Ang serye ng pagsusuri ay isinagawa ng organisasyon ng mga estudyante ng *BS Civil Engineering* at *Masters of Engineering*, alumni at mga guro ng departamento simula Enero ngayong taon kaugnay ng pangambang 7.2 *magnitude* na lindol dulot ng *West Valley Fault*. (SDFenol)



Mga guro at estudyante ng DCE sa Mababang Paaralan ng Alulod

CCJ, nagsagawa...

mula sa p. 1

ng implementasyon. Sa katatapos na *training of trainers* ng mga kapitan at kalihim ng barangay, apat sa mga lumahok ang maaaring magsilbing tagapangasiwa at tagapagsalita sa mga susunod na pagsasanay na isasagawa.

Dalawang proyektong pang-ekstensyon na *gender-responsive* naman ang inilahad ni Dr. Tan. Ang proyektong I. N. A. H., Iba na ang Handa, isang proyektong pangkomunidad na tutulong sa pamamahala ng pagbabawas ng panganib sa kalamidad, ay mangangasiwa sa kahandaan ng mga mamamayan. Ang proyekto ay may anim na modyul na tatalakay sa mga isyu ng kasarian, iba't-ibang uri ng kalamidad, limang yugto ng kahandaan sa kalamidad, at biglaang pangangailangan ng mga tulong medikal. Ito ay naglalayon ng boluntaryong pakikilahok o bayanihan ng mamamayan upang masiguro na hindi maapektuhan ang proyekto ng pagpapalit ng pamunuan ng mga barangay.

Isa pang proyekto ang *Educate, Prevent, Influence (E.P.I.)*, proyektong pangkomunidad na mamamagitan upang alisin ang *Trafficking in Persons (TIP)*. Iminungkahi ni PSI Xelacor Marie C. Garcia, hepe ng *Women and Children Protection Desk (WCPD)*, na magsagawa ang CCJ ng pag-aaral



Si Dr. Matic kasama sina Mrs. Matel, Dr. Tan at mga dumalo sa pagpupulong

tungkol sa pagdami ng bilang ng kaso ng panggagahasa sa Cavite at ang resulta nito ang gagamitin sa paggawa ng *crime map*. Isa pang mungkahi ay ang magsagawa ng proyekto na magtataas sa kamalayan ng komunidad sa paglaganap ng kasong panggagahasa na karamihan sa biktima ay mga bata at nagaganap ang krimen sa kanilang mga tahanan.

Sa pagtatapos ng programa, hiningi muli ni Dr. Matic ang pakikiisa ng *stakeholders* na dumalo at binigyang-diin ang kahalagahan ng aktibong pakikilahok sa mga proyekto. Samantala, inulit ni Gng. Matel ang kahalagahan ng pagkakaroon ng *Memorandum of Agreement (MOA)* sa pagitan ng CvSU-CCJ at *stakeholders*. (SGTan)

MGA BALITA

Mga instrumento para sa extension projects, nirebisa

Upang rebisahin ang ilang instrumento na gamit sa *extension projects*, isang *seminar-workshop* tungkol sa *Finalization of Impact Assessment Instruments and Internal Assessment Evaluation of Extension Projects* ang isinagawa noong Agosto 15-16 sa *Hostel Tropicana*.

Dinaluhan ang seminar ng mga guro at *extension coordinators* ng iba't-ibang kolehiyo at kampus. Layunin nito na suriin ang *extension projects* at tapusin ang *internal assessment instruments* na gagamitin ng buong Unibersidad.

Nagsilbing tagapagsalita sa *workshop* si Dr. Adolfo C. Manuel, Jr., Direktor ng *Institutional Development Office* (IDO). Ang nasabing gawain ay naisakatuparan sa pamumuno ni Dr. Lilibeth P. Novicio, Direktor ng *Extension Services*. (JMMojica)



Dr. Adolfo Manuel habang nagpapaliwanag sa seminar-workshop



Mga kalahok habang pinag-uusapan ang pinal na mga instrumento

SPRINT Center, nagsagawa ng mga pagsasanay tungkol sa kaong

Sa hangaring mapagiting ang kaalaman tungkol sa kaong, magkasunod na pagsasanay tungkol dito ang isinagawa ng *Sugar Palm Research, Information and Trade* (SPRINT) Center sa Cavite at Batangas.

May temang "*Rediscovering Kaong: Exploring and Enhancing the Potentials of Kaong for Ecology and Livelihood*" ang isinagawang pagsasanay noong Agosto 12 sa Barangay Mataas na Lupa, Indang, Cavite. Dinaluhan ito ng 85 na *senior citizen*, benepisyaryo ng programang Pantawid Pamilya at Barangay Coordinating Council. Pinangunahan ni Dr. Lorenzo C. Lapitan, Jr., propesor at tagapangasiwa ng SPRINT Center, ang pagsasanay na tumatalakay sa mga katangian ng kaong at sa ekolohikal at ekonomikong kahalagahan nito. Ipinakita naman ni G. Florencio C. Flores, tauhan

ng SPRINT, ang paraan ng paggawa ng asukal gamit ang tuba na mula sa kaong. Bilang karagdagan, inilahad ni Dr. Lapitan ang kasalukuyang hakbangin ng Center sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa kaong. Samantala, nagbigay si G. Camilo R. Lontoc, punong barangay ng Mataas na Lupa, ng kaniyang pananaw at nangakong magiging katuwang ng CVSU SPRINT Center sa pagpapalaganap ng kaong sa kaniyang nasasakupan. Kasama na rito ang pagtatanim sa kanilang barangay.

Samantala, nagdaos din sila ng pagsasanay sa Mannie Barradas Airstrip Garden, Tanauan City, Batangas noong Agosto 29. Ito ay dinaluhan ng mga kasapi ng Batangas Forum for Good Governance and Development Inc. (BFGGDI), isang grupo ng mga retiradong lider ng gobyerno, ng industriya at ng akademya

sa Batangas. Ibinahagi ni Dr. Lapitan ang kahalagahan at iba't-ibang gamit ng kaong. Nagsagawa din sila ng pagbisita sa mga taniman ng kaong sa paanan ng bundok Makiling at doon ay ipinakita ni G. Junel C. Llagas, tauhan ng SPRINT, ang tamang pag-aalaga at pagtutuba ng kaong. (JLBHerrera)



Si G. Florencio C. Flores ng CvSU SPRINT habang ipinakikita ang paggawa ng asukal mula sa tuba ng kaong

Extension Services, bumisita sa MoCa Farm

Sa pangunguna ni Dr. Lilibeth P. Novicio, Direktor, bumisita ang mga tauhan ng *Extension Services* (ES) sa MoCa Family Farm sa Barangay Castillo, Padre Garcia, Batangas noong Agosto 24.

Layunin ng pagbisita na magkaroon ang grupo ng kaalaman at kahandaan tungkol sa operasyon at pamamahala ng *agri-ecotourism farm*.

Sinalubong ang mga kawani ng ES ng masayang pagbati ni Gng. Gloria "Gigi" Pontejos-Morris, may-ari, anak na si Robi Morris, mga kawani at mga estudyanteng nagsasanay mula sa Indonesia.



Ang grupo ng Extension Services sa MoCa Family Farm

Nagkaroon ng aktwal na pagbisita at pag-iikot ang grupo sa bukid na may lawak na isang ektarya na tatlong taon nang pinamamahalaan ni Gng. Morris. Ang bukid ay natataniman ng iba't-ibang namumungang punongkahoy, gulay, halamang gamot at *herbs*. Nag-aalaga rin sila ng mga *native* na manok at kuneho. Mayroon din silang patubuan o *nursery* kung saan inaalagan ang *chimpeduck* na *cross breed* ng langka at durian. Mayroon silang *briefing area*, silid-imbakan at iba pang pasilidad. Nagkaroon din ng mga pagtatanong na nauukol sa pasahod ng mga kawani at hatian ng tubo o *profit sharing*. (JMMojica)

MGA BALITA

SPRINT Center, nanguna sa pagtatanim ng kaong sa Barangay Mataas na Lupa

Pinangunahan ng CvSU *Sugar Palm Research, Information and Trade (SPRINT) Center* ang pagtatanim ng kaong sa gilid ng *Labac River* sa Barangay Mataas na Lupa, Indang, Cavite noong Setyembre 22. Nakapagtanim ng 1,250 na puno ng kaong ang 95 na miyembro ng *Canon Business Machines Philippines Inc. (CBMPI)*, isang kumpanya na matatagpuan sa *First Philippines Industrial Park*, Tanauan City Batangas na gumagawa ng *beam at monochrome printers*, sa pamumuno ng kanilang presidente na si G. Osamu Shibuya.

Ang nasabing aktibidad ay naisakatuparan sa pakikipagtulungan sa *SPRINT Center ng De La Salle – Health and Sciences Institute (DLS-HSI), Provincial Government Environment and Natural*



Ang volunteers na nakilahok sa pagtatanim ng kaong

Resources Office – Kabite (PGENRO-Kabite) at ng *Local Government Unit (LGU)* ng Barangay Mataas na Lupa, Indang, Cavite. Ang mga miyembro ng mga institusyong nabanggit ay

boluntaryong tumulong sa paghahanda ng lugar na pagtataniman at paghahakot ng mga pananim na kaong kasama ang CvSU-SPRINT staff. (JLBHerrera)

Regular na Extension Coordinator's meeting, isinagawa

Isinagawa ang regular na pagpupulong ng *Extension Services (ES)* sa *conference room* ng *National Coffee Research, Development and Extension Center (NCRDEC)* noong Setyembre 25 sa pangunguna ni Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng ES, kasama ang mga *extension coordinator* ng iba't-ibang kolehiyo at kampus ng Cavite State University at mga staff na sina Gng. Bernadette S. Amparo, Bb. Julita M. Mojica at G. Joselito F. Ersando.

Sa nasabing pagpupulong, tinalakay ni Gng. Amparo ang *target* ng ES ng Unibersidad sa taong 2018 gayundin ang mga naisagawang

aktibidad ng yunit at ng mga kolehiyo at kampus. Nag-ulat ang mga kinatawan hinggil sa iba't-ibang gawaing pang-ekstensyon ng kanilang mga nasasakupan.

Tinalakay din sa nasabing pulong ang pagpapasa ng mga awtput sa isinagawang *workshop sa Strategic Planning at Impact Assessment Proposals*. Kasama rin sa mga

napag-usapan ang mga isinasagawang paghahanda ng Unibersidad para sa *ISO certification*. (JFErsando)



Si Dr. Novicio habang nagsasagawa ng pagpupulong

Paghahanda para sa agri-eco tourism, sinisimulan na

Sa pagtutulungan ng Kagawaran ng Agrikultura (DA) at Kagawaran ng Turismo (DOT) noong taong 2002 ay nabuo ang konsepto ng "*agri-tourism*". Ito ay ang pinagsamang pangunahing saligan ng agrikultura, turismo at ekolohiya na pinagtibay ng *Republic Act (RA) No. 10816* o ang *Farm Tourism Law*.

Malaki ang magiging gampanin ng *agri-tourism* hindi lamang sa Cavite State University kundi pati na rin sa buong lalawigan ng Cavite. Kasama sa paghahanda ay ang mga naturang proyekto na binubuo ng *Farmers Training Center and Technology Demonstration Farm (FTC-TDF)* na isinasagawa ng unibersidad sa Sanayan sa Kakayahang Pang Agrikultura o SAKA.

Ang FTC-TDF ay nagsisilbing *demonstration area* ng unibersidad para sa mga teknolohiyang kinukupkop at pinapalaganap sa iba't-ibang tumatangkilik sa mga ito.

Isa sa mga ito ang *Modular Mixed Orchard Production Technology* na binubuo ng walong modyul para sa sari-saring *cropping combinations*. Sa loob ng takdang panahon, ang lugar ay pinangangalagaan sa pamamagitan ng pagputol sa mga punong hindi mapapakinabangan, pagputol sa mga sanga, pagbunot sa mga damo at paglagay ng mga pataba sa halaman. Ang mga bungang-kahoy tulad ng mangosteen, durian, lanzones at rambutan ay pinapangalagaan din.

Sa ilalim naman ng *Urban Agriculture Project*, ang mga gulay na may mataas na halaga na maaaring itanim sa pamamagitan ng *urban agriculture* ay tuloy-tuloy na itinatanim. Ang lugar ay tinataniman din ng mga katutubong gulay, mga *Sundan sa p. 6*



Mga ginagawang paghahanda sa FTC-TDF

MGA BALITA

11 pagsasanay, isinagawa ng *Extension Services*

Mula Hulyo hanggang Setyembre, 11 pagsasanay ang naisagawa sa mga munisipyo at lungsod ng Kabite sa pangunguna ng opisina ng *Extension Services*. Ito ay dinaluhan mula sa iba't-ibang sektor ng lipunan na kinabibilangan ng mga magsasaka, mangingisda, kababaihan, miyembro ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program o 4Ps at iba't-ibang lider at miyembro ng mga organisasyon sa mga munisipyo at lungsod ng Kabite. Ang nabanggit na mga pagsasanay ay ang sumusunod:

Pamagat	Petsa	Lugar	Tagapagsanay
Pagsasanay sa Pagpoproseso ng Kakaw	Hulyo 5	Alfonso	G. Marvin Vicedo
Pagsasanay sa <i>Urban Gardening</i>	Hulyo 12	Bacoor City	Prof. Edgardo A. Gonzales (CAFENR)
Pagsasanay sa <i>Farm Mechanization</i>	Hulyo 17	Maragondon	Engr. Gee Jay Bartolome (CvSU-CCAT-Rosario)
Pagsasanay sa Pagpoproseso ng Isda at <i>Marketing Strategies</i>	Agosto 1-2	Naic	Prof. Elsa B. Omipon, Prof. Flora M. Viaje, Prof. Ma. Solita R. Poblete, Prof. Marilyn L. Tesorero at Prof. Elsa D. Nueva (CvSU-Naic)
<i>Package of Technology on Pineapple</i>	Agosto 8	Mendez	Dr. Arnulfo C. Pascual (Retired Professor, CAFENR)
Pagsasanay sa Pagtatanim ng Organikong Gulay	Agosto 16	Bacoor City	Prof. Edgardo A. Gonzales (CAFENR)
<i>Basic Bookkeeping for Farmers' Association</i>	Agosto 29	Magallanes	Prof. Isolde R. Sustrina at Prof. Dolores Aguilar (CEMDS)
Pagsasanay sa Organikong Pagsasaka	Setyembre 11	Gen. E. Aguinaldo	Prof. Edgardo A. Gonzales (CAFENR)
Pagsasanay sa Pagpoproseso ng mga Prutas at Gulay	Setyembre 13	Tanza	Gng. Elvira B. Perlado (Extension Services)
Pagsasanay sa <i>Plant Propagation</i>	Setyembre 26	Mendez	Dr. Arnulfo C. Pascual (Retired Professor, CAFENR)
Pagsasanay sa <i>Product Labeling at Packaging</i> ng Kape at <i>Black Pepper</i>	Setyembre 27	Gen. Aguinaldo	G. Gener Cueno

Naging matagumpay ang mga pagsasanay sa pangunguna ng direktor ng *Extension Services* na si Dr. Lilibeth P. Novicio, katuwang ang mga naaprubahang miyembro ng *Training Management Team* na sina Gng. Lorna C. Matel, Gng. Bernadette S. Amparo, G. Joselito F. Ersando, Bb. Julita M. Mojica, Gng. Khay B. Arandia at Bb. Marjorie Ann B. Panerio.

Patuloy ang pakikipag-ugnayan ng *Extension Services* sa iba't-ibang ahensya bilang kaagapay sa pagsasagawa ng iba't-ibang gawain. Isa sa mga ahensya na ito ay *Agricultural Training Institute IV-A (ATI-CALABARZON)* na nagbigay ng pondo para sa pagkain ng mga kalahok ng huling tatlong pagsasanay na nabanggit. (BSAmparo)

Paghahanda para sa agri-eco ... mula sa p. 5

halaman na nakalagay sa *containers* o mas kilalang tawag na *containerized gardening*, halamang gamot at iba pang bungang-ugat. Ang huli ay ang *Open Field Demonstration Project* na nagtatakda sa ibang lugar bilang *open field* na tinataniman ng mga gulay kabilang ang okra, talong, patola at ampalaya.

Sa kasalukuyan ay patuloy ang pagtatanggal ng mga sanga, pagtatanim ng mga punla, paggawa ng kompost, paglalagay ng mga abono sa halaman at palagiang paglilinis sa kapaligiran ng SAKA sa pagtutulungan ng mga tauhan ng *Extension Services*. (MABPanerio)



Mga kalahok sa iba't ibang pagsasanay ng *Extension Services*

UGNAYAN

Tagapamahalang Patnugot

Lady Aileen A. Orsal

Katulong na Patnugot

Melinda B. Eugenio

Mga Kontribyutor

Jhon Laurence B. Herrera

Marjorie Ann B. Panerio

Bernadette S. Amparo

Joselito F. Ersando

Khay B. Arandia

Julita M. Mojica

Sheryl D. Fenol

Susan G. Tan

Mga Editoryal Konsultant

Dr. Yolanda A. Ilagan

Dr. Ruel M. Mojica

Dr. Hernando D. Robles

Opisinang Pang- editoryal

Knowledge Management Center

5th Flr. Ladislao Diwa Library and Museum Bldg.

Cavite State University

Indang, Cavite

Telepono ☎ (046) 415-0212